# Huwag Matakot sa halip Manalig sa Diyos

## NOTES

## WARM-UP

- Ikuwento ang isang pangyayari kamakailan lang, na nagpasaya sa 'yo.
- Ano ang isang bagay na gustong-gusto mong ginagawa para mapasaya ang iba?
- Balikan ang isang kaganapan na kung saan nangailangan ka ng tulong. Sino ang tumulong sa 'yo at ano ang ginawa niya para tulungan ka?

**WORD**

*[5]Noong si Herodes ang hari sa Judea, may isang pari na ang pangalan ay Zacarias na kabilang sa grupo ng mga pari na tinatawag na "Grupo ni Abia." Ang asawa niya ay si Elizabet na kabilang din sa angkan ni Aaron. [6]Silang dalawa ay kapwa matuwid sa harap ng Diyos. Maingat nilang sinusunod ang lahat ng utos at mga tuntunin ng Panginoon. [7]Wala silang anak dahil baog si Elizabet, at matanda na silang pareho.*
**LUCAS 1:5-7**

(Basahin din ang **LUCAS 1:8-25**.)

---

Si Zacarias at ang asawa niya na si Elizabet ay mula sa pamilya ng mga pari. Higit pa dito, sila ay inilarawan na matuwid sa paningin ng Diyos, at namumuhay nang walang kapintasan, o sumusunod sa lahat ng Kanyang kautusan. Gayunpaman, may isang bagay na nagdadala sa kanila ng labis na kalungkutan. Si Elizabet ay baog. Bagama't masyado na silang matanda para umasa na magka-anak pa, makikita natin sa kwento na ito kung paano sinagot ng Diyos ang kanilang panalangin at kung ano ang ginagawa Niya para sa Kanyang mga mamamayan.

## 1 Nakikinig ang Diyos.

*Pero sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Magkakaanak ng isang lalaki ang asawa mong si Elizabet, at Juan ang ipapangalan mo sa kanya."* **LUCAS 1:13**

Sinabihan ng anghel si Zacarias na huwag matakot dahil narinig ng Diyos ang kanyang panalangin. Ito ang unang pagkakataon na ang mga paring Israelita ay nakarinig sa Diyos sa loob ng 400 taon. Kahit ang kaalaman lamang na narinig ng Diyos ang panalangin ng Kanyang mga mamamayan ay malaking bagay na para kay Zacarias. Subalit, sinabihan din ng anghel si Zacarias na narinig ng Diyos ang personal niyang panalangin, ang magkaroon ng anak na lalaki. Walang panalangin na hindi naririnig ang Diyos, kahit gaano pa karami ang taong nagdarasal sa Kanya. Ngayong alam nating naririnig ng Diyos ang ating mga panalangin, paano nito mababago ang paraan ng ating pananalangin?

## 2 Sumasagot ang Diyos

*[13]Pero sinabi sa kanya ng anghel, "Huwag kang matakot, Zacarias! Dininig ng Diyos ang panalangin mo. Magkakaanak ng isang lalaki ang asawa mong si Elizabet, at Juan ang ipapangalan mo sa kanya. [14]Matutuwa kayo at magiging maligaya dahil sa kanya, at marami ang magagalak sa pagsilang niya, [15]dahil magiging dakila siya sa harap ng Panginoon . . ."*
**LUCAS 1:13-15**

(Basahin din ang **LUCAS 1:15-17**.)

Hindi lamang sinabi ng anghel kay Zacarias na ang kanyang mga panalangin ay narinig. Ipinapakita niya na ang sagot ng Diyos ay mas malaki pa kaysa sa ating mga ipinapanalangin. Ipinangako ng anghel na ang anak na lalaki nila Zacarias at Elizabet ay magdadala sa kanila ng labis na kaligayahan. Magbibigay kaligayahan din siya sa maraming tao sa pamamagitan ng paghahanda ng daan para sa Panginoon. Hindi lamang sagot sa panalangin ni Zacarias ang kanyang anak kundi bahagi rin siya ng plano ng Diyos na kaligtasan para sa Kanyang mga mamamayan. Balikan ang isang pagkakataon kung kailan nakatanggap ka ng hindi inaasahang sagot sa iyong mga panalangin. Ano ang nangyari sa sitwasyong ito?

## 3 Nagmamalasakit ang Diyos.

*[24]Hindi nagtagal, nagbuntis si Elizabet, at sa loob ng limang buwan ay hindi siya umalis ng bahay. [25]Sinabi niya, "Napakabuti ng Panginoon. Inalis niya ang kahihiyan ko sa mga tao bilang isang baog."* **LUCAS 1:24,25**

Malamang ay maraming araw na malungkot si Elizabet at napahihirapan ng lipunan dahil hindi niya kayang magka-anak. Kaya't nang maramdaman niyang gumalaw sa kanyang sinapupunan ang sagot sa kanyang mga panalangin, nabatid ni Elizabet at naramdaman ang pangangalaga sa kanya ng Diyos. Alam Niya kung paano siya nakikita ng mga tao sa lipunan. Alam Niya kung ano ang nararamdaman niya dahil hindi siya magka-anak. Ang ibinigay Niyang anak bilang sagot sa kanyang mga panalangin ay isang paraan ng pagpapakita Niya ng Kanyang pangangalaga kina Elizabet at Zacarias. Nais ng Diyos na ang mga sagot Niya sa ating mga panalangin ay makapagbibigay din sa atin ng kaligayahan. Ano ang ibig sabihin nito para sa mga panalangin na nais nating sagutin ng Diyos?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na naririnig ng Diyos ang iyong mga panalangin at na pinangangalagaan ka Niya? Nagtitiwala ka ba sa pag-ibig sa iyo ng Diyos? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang magtiwala sa Diyos simula ngayon?
- Paano mo magagawang manalangin araw-araw?
- Paano mo magagawang mapalakas ang loob ng isang tao ngayong linggo gamit ang kwento ni Zacarias at Elizabet? Ano ang sasabihin mo sa kanya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pakikinig sa iyong mga panalangin at sa pagpapakita na pinangangalagaan ka Niya. Pasalamatan ang Diyos sa kaligayahan na ibinibigay Niya.
- Hingin sa Diyos na tulungan kang laging manalangin nang naaayon sa Kanyang Salita. Panghawakan na tutugunin ng Diyos ang lahat ng ipinangako Niya sa iyo at sa iyong pamilya.
- Ipanalangin na ikaw ay maging daluyan ng kaligayahan sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph